BATAS PARA SA MGA PAMANTAYAN SA TRABAHO

(EMPLOYMENT STANDARDS)

MGA MAY PAHINTULOT NA PAGLIBAN SA TRABAHO

Pagbubuntis, Pag-alaga ng (mga) Bata, Personal na Emergency Pagkakasakit Sa Pamilya

Ang Batas para sa Mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Employment Standards Act, 2000), na kilala rin na ESA, ay batas na nagtatakda ng mga pinakamababang pamantayan sa lugar ng trabaho sa Ontario.

Kung protektado kayo ng ESA, maaaring may karapatan kayo sa pahintulot na pagliban sa trabaho para sa Pagbubuntis, Pag-alaga ng (mga) Bata, Personal na Emergency, Pagkakasakit sa Pamilya

Pagliban para sa Pagbubuntis at Pag-alaga ng (mga) Bata

Pagliban para sa Pagbubuntis: Ang Pagliban para sa Pagbubuntis ay hanggang 17 linggo na may pahintulot na pagliban sa trabaho na protektado ang trabaho at hindi binabayaran. Kung buntis kayo, may karapatan kayong gamitin ang Pagliban para sa Pagbubuntis maging kayo ay isang empleadong full-time, part-time permanente o kontratista. Kailangang nag-umpisa kayong magtrabaho nang hindi kukulangin sa 13 linggo bago ang inaasahang petsa ng pagsilang ng sanggol ("inaasahang petsa").

Pagliban para sa Pag-alaga ng (mga) Bata: Bilang isang bagong magulang (halimbawa, magulang na nanganak, magulang na nag-ampon, taong nasa relasyon na may anak at balak tratuhing parang kanyang anak ang bata) may karapatan kayong gamitin ang may pahintulot na pagliban sa trabaho na protektado ang trabaho at hindi binabayaran, sa panahong ipanganak ang sanggol o nang sinimulan ninyong alagaan ang bata.

May karapatan kayong gamitin ang Pagliban para sa Pag-alaga ng (mga) Bata maging kayo ay isang empleadong full-time, part-time, permanente o kontratista. Upang magamit ang karapatan, kailangang nag-umpisa kayong magtrabaho nang hindi kukulangin sa 13 linggo bago mag-umpisa ang may pahintulot na pagliban sa trabaho.

Ang mga empleadong gumagamit ng Pagliban para sa Pagbubuntis ay may karapatang gamitin ang hanggang sa 35 linggong Pagliban para sa Pag-alaga ng (mga) Bata, karaniwang nag-uumpisa kaagad pagkatapos ng kanilang Pagliban para sa Pagbubuntis. Ang mga empleadong hindi ginagamit ang Pagliban para sa Pagbubuntis at ang lahat ng mga iba pang bagong magulang ay puwedeng gamitin ang hanggang sa 37 linggong Pagliban para sa Pag-alaga ng (mga) Bata, nag-uumpisa nang hindi mas matagal sa 52 linggo pagkalipas ng petsang ipinanganak ang sanggol o nang sinimulang alagaan ang bata. Hindi kinakailangang magkasabay na gamitin ng mga magulang ang kanilang pahintulot na pagliban sa trabaho.

Pagpapabatid sa inyong pinagtatrabahuhan: Maliban sa mga ilang pagkakataon, kailangan kayong magbigay sa inyong pinagtatrabahuhan ng isang nakasulat na pabatid dalawang linggo bago mag-umpisa ang Pagliban para sa Pagbabuntis o Pag-alaga ng (mga) Bata. Kailangan rin kayong magbigay sa inyong pinagtatrabahuhan ng nakasulat na pabatid apat na linggo bago sa petsa kung papalitan ninyo ang petsang magwawakas ang inyong may pahintulot na pagliban sa trabaho.

BIGYAN NG PANSIN: Sa panahong mag-umpisa na ang inyong Pagliban para sa Pagbubuntis o Pag-alaga sa (mga) Bata, kailangan ninyong gamitin lahat ito sa isang kapanahunan at hindi ito puwedeng paghati-hatiin.

Pagliban para sa Personal na Emergency

Ang Pagliban para sa Personal na Emergency ay ang may pahintulot na pagliban sa trabaho na hindi binabayaran at protektado ang trabaho hanggang sa 10 araw sa bawat taon ng kalendaryo. Upang magamit ang karapatan, kailangang may hindi kukulangin sa 50 empleado ang nagtatrabaho sa inyong pinagtatrabahuhan.

Puwedeng gamitin itong pahintulot na pagliban sa trabaho para sa pagkakasakit na personal, pagkakapinsala o medical emergency ng empleado o para sa pagkamatay, pagkakasakit, pagkakapinsala, medical emergency o para sa isang kailangang-kailangan na kadahilanan na may kinalaman sa:

- inyong asawa
- isang magulang, tiyuhin o tiyahin, ama-amahan o inainahan, anak, ina-anak, lolo't lola, lolo't lola sa unang asawa, apo o apo sa unang asawa na iyo o iyong asawa
- asawa ng inyong anak
- inyong kapatid
- isang kamag-anak na umaasa sa inyong pag-alaga o tulong

Pagpapabatid sa inyong pinagtatrabahuhan: Kailangang ipabatid ninyo sa inyong pinagtatrabahuhan na gagamitin ninyo ang Pagliban para sa Personal na Emergency bago ito mag-umpisa, o sa pinakamaagang panahon.

BIGYAN NG PANSIN: Hindi kailangang gamitin nang sabay-sabay na lahat ang 10 araw ng Pagliban para sa Personal na Emergency. Gayunman, puwedeng bilangin ng inyong pinagtatrabahuhan bilang isang buong araw ng Pagliban para sa Personal na Emergency ang anumang bahagi ng isang araw ng pagliban sa trabaho.

Pagliban para sa Pagkakasakit sa Pamilya

Ang Pagliban para sa Pagkakasakit sa Pamilya ay ang pahintulot na pagliban sa trabaho na hindi binabayaran at protektado ang trabaho hanggang walong linggo sa 26 na linggong kapanahunan.

Puwedeng gamitin itong pahintulot na pagliban sa trabaho upang alagaan o suportahan ang mga ilang miyembro ng pamilya at mga tao na ang pagturing ng empleado ay parang miyembro ng pamilya na may malubhang sakit at may malaking panganib na mamamatay sa loob ng 26 na linggo.

Kailangang patotohanan ang pagkakasakit at panganib na mamamatay sa isang nakasulat na patotoo mula sa isang kuwalipikadong manggagamot.

Magagamit ninyo ang Pagliban para sa Pagkakasakit sa Pamilya maging kayo ay mag-aplay o hindi mag-aplay para sa mga benepisyo ng Paseguruhan sa Trabaho para sa matulunging pag-alaga (Employment Insurance compassionate care benefits) ng pamahalaang pederal. Kung kayo ay nag-aaplay para sa Employment Insurance (EI) Pakinabang sa pagkahabag na pag-alaga, isang kopya ng medical certificate na ibinigay sa Pagpapabuti ng mga Kakayahang at Kasanayang Pantao sa Canada (Human Resources and Skills Development Canada).

May karapatan kayong gamitin ang Pagliban para sa Pagkakasakit sa Pamilya maging kayo ay isang empleadong full-time, part-time, permanente o kontratista.

Kung dalawa o mas maraming empleado ang may karapatang gamitin ang pahintulot na pagliban sa trabaho para alagaan ang iisang tao lamang, kailangang paghatian ang walong linggo.

Pagpapabatid sa inyong pinagtatrabahuhan: Kailangan ninyong ipabatid sa inyong pinagtatrabahuhan na gagamitin ninyo ang Pagliban para sa Pagkakasakit sa Pamilya bago ito mag-umpisa, o sa pinakamaagang panahon.

BIGYAN NG PANSIN: Hindi kailangang gamitin ang walong linggong Pagliban para sa Pagkakasakit sa Pamilya sa isang kapanahunan lamang.

Pagliban para sa Sundalo Panlaon

Mga empleado na sundalo panlaon at sila ay pinadala sa operasyon internasyonal o operasyon sa loob ng Canada na nagbigay or magbibigay ng tulong sa kagipitan o pagkatapos ng kagipitan (kasali sa paghahanap at pagligtas sa operasyon) ay may karapatan sa ESA na walang bayad na pagliban sa panahon kailangan nila habang sila na sa operasyon. Kapag ang operasyon ay sa labas ng Canada, kasali sa pagliban ang mga kailangan gawain ng Canadian Forces na may relasyon bago at tapos ang operasyon.

Para may karapatan sa pagliban para sa sundalo panlaon, kailangan na ikaw ay nagtrabaho ng hindi kumulang ng anim na buwan patuloy-tuloy. Ang sundalo panlaon ay kailangan magbigay sa kanilang pinagtatrabahuan isang sulat na resonable nagbibigay kailan uumpisa at magtatapos ang kanilang pagliban. Ang pagliban para sa sundalo panlaon ay para sa sundalo panlaon nagbigay ng kinakailangan pagpaalam at sila ay pinadala sa isang operasyon nangyari mula Disyembre 3, 2007.

Mga empleado nasa pagliban para sa sundalo panlaon ay may karapatan ibalik sa kanilang dating puwesto kung itong puwesto ay nananatili o ibang puwesto na maiitulad ng dating puwesto kung ang puwesto ay hindi nanatili. Kung pinagpaliban ang pagbalik ng empleado sa pagtatrabaho, and pinagtatrabahuan ay kailang magbayad and kaniyang bahagi sa pagbabayad ng mga planong pakinabang na may relasyon sa kaniyang pagtatrabaho at pahintulutin ang empleado makisali sa mga plano sa panahon na pinagpaliban ang petsa sa pagbalik sa trabaho.

Seniority at mga benepisyo

Seniority: Atuloy kayong makatatanggap ng katandaan at pagtala para sa tagal ng serbisyo at tagal ng pagtatrabaho habang ginagamit ninyo ang alinman sa apat na pagliban sa trabaho.

Mga plano ng benepisyo na kaloob ng pinagtatrabahuhan: Habang ginagamint ninyo ang pagliban para sa Pagbubuntis, Pag-alaga ng (mga) Bata, Personal na Emergency at Pagkakasakit sa Pamilya, kailangang patuloy na binabayaran ng inyong pinagtatrabahuhan ang karamihan ng inyong mga plano ng pakinabang (halimbawa, pensiyon, seguro sa buhay at pinagpapatuloy na seguro sa pangkalusugan, mga planong para sa di-inaasahan pagkamatay at para sa pagpapadentista).

Mga benepisyong Pagseseguro sa Mga Nagtatrabaho sa Pamahalaang Pederal: Ang mga benepisyo para sa Pagbubuntis, Pag-alaga ng (mga) Bata at Matulunging Pag-alaga ay binabayaran ng programa ng Pagseseguro sa Mga Nagtatrabaho sa Pamahalaang Pederal (Federal Employment Insurance Program). Para sa karagdagang impormasyon, tawagan nang walang-bayad ang 1-800-206-7218, ang Pinagtatanungan tungkol sa Seguro sa Trabaho - Pagpapabuti ng mga Kakayahang at Panlipunang Pag-unlad sa Canada (Human Resources and Skills Development Canada – Employment Insurance Inquiry).

Puwede ba akong masisante sa trabaho dahil sa aking paggamit nitong mga may pahintulot na pagliban sa trabaho?

Hindi. Kung kayo ay karapatdapat, may karapatan kayong gamitin itong Mga May Pahintulot na Pagliban sa Trabaho para sa Pagbubuntis, Pag-alaga ng (mga) Bata, Emergency at Pagkakasakit sa Pamilya, at pagliban para sa sundalo panlaon.

Hindi kayo puwedeng takutin, sisantihin, suspindihin, bawasan ng sahod, parusahan sa anumang paraan o pagbantaan ng inyong pinagtatrabahuhan na gagawin ang alinman sa mga ito dahil ginagamit ninyo o balak ninyong gamitin ang alinman sa mga may pahintulot na pagliban sa trabaho na ito.

Kung mangyari ito, kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour).

Kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour)

Tawagan ang Sentro Pang-Inpormasyon ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) sa 416-326-7160 (sa Toronto), o 1-800-531-5551 (walang-bayad), o 1-866-567-8893 TTY para sa mga may kapansanan sa pandinig. Kung hindi kayo nagsasalita ng Ingles o Pranses, maghanap ng nakapagsasalita nito at panatilihin sila sa tabi ninyo kapag tumawag kayo.

Bisitahin ang www.labour.gov.on.ca para makuha ang mga publikasyon nagbibigay mas detalyeng inpormasyon sa mga karapatan na protektado ng ESA.

Ipinagkakaloob itong impormasyon bilang isang serbisyo sa publiko. Bagamat pinagsisikapan naming tiyakin na pangkasalukuyan at tama ang impormasyon, nagkakaroon rin ng mga pagkakamali paminsan-minsan. Kaya hindi namin magagarantiya na tama ang impormasyon. Kailangang tiyakin, kung maaari, ng mga bumabasa nito na totoo nga ang impormasyon bago sila kumilos.

esa
employment standards act

©Queen's Printer for Ontario, 2008
Printed in Canada
SBN 1-4249-1177-X (Print)
ISBN 1-4249-1178-8 (HTML)
ISBN 1-4249-1179-6 (PDF)

Filipino
"Leaves of Absence" is also available in English, French and other languages.
« Congés autorisés » est également disponible en anglais, en français et en d'autres langues.